7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 4: Aralin (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Jinky R. Victorio (SDO Malabon, Malabon National High School)
- Portia R. Soriano (PNU Manila)

**Tagasuri:**

- Portia R. Soriano (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**Araling Panlipunan, Ikaapat na Kwarter, Antas 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng ASEAN sa pagtugon sa mga hamon at pagkakamit ng likas-kayang pag-unlad ng mga bansa sa Timog Silangang Asya |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong sa pagpapahalaga sa papel ng ASEAN tungo sa pagkakaisa at pagharap sa hamon ng likas-kayang pag-unlad at karapatang pantao sa Timog Silangang Asya |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Kasanayan:**<br>Nasusuri ang mga hamon at tugon ng ASEAN sa pagtamo ng likas- kayang pag- unlad (Sustainable Development)<br><br>**Layuning Pampagkatuto:**<br>1. Natutukoy ang mga hamong kinakaharap ng ASEAN ukol sa likas- kayang pag- unlad.<br>2. Naiisa- isa ang mga hakbang na ginawa ng ASEAN bilang pagtugon sa mga hamon ng likas- kayang pag- unlad<br>3. Nailalahad ang pagpapahalaga sa pagsisikap ng ASEAN na tugunan ang likas- kayang pag- unlad sa pamamagitan ng *Sustainable Development Goals* ng United Nations<br>4. Nakagagawa ng “poster slogan” tungkol sa pangangalaga at nagsusulong ng likas kayang pag-unlad ng mga likas na yaman ng bansa. |
| **D. Nilalaman** | **Paksa: Ang ASEAN at Hamon ng Likas Kayang Pag-unlad sa Pilipinas at Timog Silangang Asya**<br><br>Kaugnay na Paksa: Ang 17 Sustainable Goals ng United Nations (batay sa framework ng ASEAN) |
| **E. Integrasyon** | Panahon, Pagpapatuloy at Pagbabago |
| **F. Tala sa mga Kailangang Konsepto at Kasanayan** | Ang kaganapan ng nilalayong lipunan sa hinaharap ay nakabatay sa kalidad ng ating pagkilos sa kasalukuyan |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Association of Southeast Asia Nations. (n.d.). *The Founding of ASEAN.* https://asean.org/the-founding-of-asean/ https://www.facebook.com/photo/?fbid=358567966481436&set=a.498931860155844<br>Balitao, B. (2015). Pambansang Ekonomiya at Pag- unlad (4th Edition) [Filipino]. Vibal Group, Inc. Info-Repository: Sustainable Development goals. (n.d.). https://www.gdrc.org/ngo/sdg/sdgs.html<br>United Nations. (n.d.). United Nations Conference on the Human Environment, Stockholm 1972 \| United Nations. https://www.un.org/en/conferences/environment/stockholm1972<br>Sustainable development. (n.d.). *Report on World Commission on Environment and Development.* https://sustainabledevelopment.un.org/content/documents/5987our-common-future.pdf<br>*THE 17 GOALS \| Sustainable Development.* (n.d.). https://sdgs.un.org/goals<br>Good world logo template illustration sustainable development goals. (n.d.). Vecteezy. https://www.vecteezy.com/free-vector/sustainable-development-goals-logo<br>*5 things you didn't know about ASEAN.* (n.d.). The University of Sydney. https://www.sydney.edu.au/sydney-southeast-asia-centre/news/5-facts-about-asean.html#:~:text=Despite%20its%20motto%20%E2%80%9COne%20Vision,own%20distinct%20culture%20and%20traditions.<br>Fulgar, I. (2023, March 28). *Philippine land use conversion from agriculture to real estate*. Architect in the Philippines into New Designs & Land Ventures. https://www.ianfulgar.com/real-estate/philippine-land-use-conversion-from-agriculture-to-real-estate/<br>Why climate change matters for women \| UN Women Data Hub. (2023, April 21). UN Women Data Hub. https://data.unwomen.org/features/why-climate-change-matters-women<br>The ASEAN Post. (2019, September 19). *Global strike for climate change.* https://theaseanpost.com/article/global-strike-climate-change<br>ProSymbols. (2018, October 9). oath. The Noun Project. https://thenounproject.com/icon/oath-2079728/ |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **1. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1. Maikling Balik-aral**<br><br>**Trivia tungkol sa ASEAN (2 minutong paggunita sa organisasyon)**<br>Binubuo ng 10 bansa sa Timog Silangang Asya, ang kabuuang populasyon sa rehiyon ng ASEAN ay aabot sa 663.9 milyong katao (2021), dahil dito, 8.4% ng populasyon ng mundo ay mga mamamayan ng ASEAN. Ang Indonesia ang pinakamataong bansa sa Timog Silangang Asya.<br>Sa kabila ng adhikain nitong ***"One Vision, One Identity, One Community",*** ang | Sagot sa Balik- Aral:<br>Ang limang tagapagtatag ng ASEAN na lumagda sa ASEAN Charter o Bangkok Declaration noong August 8, 1967. |

ASEAN ay isa sa mga rehiyon na may pinakamaraming kultura sa buong mundo. Ang ASEAN ay tahanan ng daan- daang iba't ibang mga pangkat etniko, bawat isa ay may sariling natatanging kultura at tradisyon.

**Gawain 1: Founders Keeper (Mga Tagapagtatag ng ASEAN)**

Panuto: Ang larawan ng mga kilalang personalidad ng limang bansa sa Timog Silangang Asya ay ipakikita sa tsart sa ibaba. Tukuyin ang bansang kanilang kinaaaniban sa panahong pinasimulan nilang itatag ang ASEAN. Isulat ang sagot sa kahon na nasa ibaba katapat ng kanilang larawan.

| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|




**Dagdag Kaalaman:**

Mula sa nakaraang pagtalakay, nalaman natin na malaki ang naging pakinabang ng Pilipinas sa larangan ng politika, kultura at ekonomiya. Inisa- isa rin ang mga personalidad na nanguna sa pagtatatag ng ASEAN. Sa pagkakataong ito, titiyakin ng guro kung nakilala ng mga mag- aaral ang mga pangunahing personalidad na nanguna sa pagkakatatag ng ASEAN.

(Tagapagtatag mula sa Kaliwa Pakanan)
- Narciso Ramos -Foreign Minister ng Pilipinas
- Adam Malik - Indonesian Foreign Minister
- Thanat Khoman - Thailand Foreign Minister
- Tun Abdul Razak - Deputy Prime Minister of Malaysia
- Sinnathamby Rajaratnam - Singapore Foreign Minister

Ang Karagdagang Kaalaman na ibabahagi ng guro sa klase matapos ang Balik- aral ay isang inisyatibo ng guro, mamaaring wala nito subalit mas makabubuting maglaan ng kaunting minuto ang guro para sa dagdag na datos. Maaari ring mag- research ng guro ng iba pang datos na nasa *ASEAN Main Portal.*

Sa Show and Tell ng Takdang-Aralin, maaaring tumawag ang guro ng 1-3 mag- aaral na magbabahagi ng kanyang takdang- aralin. Bawat isa ay maaaring bigyang ng 30 sigundo upang magsalita. Batay sa ibabahagi ng mag-aaral, iproseso ito ng guro upang higit na maging akma

<table>
<tr>
<td></td>
<td><br>https://asean.org/the-founding-of-asean/<br><br>Ito ang aktuwal na larawan ng ginanap sa pagpupulong sa Department of Foreign Affairs sa Bangkok, Thailand kung saan nilagdaan ang isang dokumentong nagsasaad ng pagtatatag ng ASEAN noong August 8, 1967.</td>
<td>ang pagkatuto ng mga nakikinig.</td>
</tr>
<tr>
<td>2. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin
<ul><li>Matapos nating malaman ang naging pagkatuto ng mga mag- aaral sa ating isinagawang balik- aral, alamin natin, ano ang kasanayang dapat malinang sa panibagong araling ito:</li></ul>
Kasanayan: Nasusuri ang mga hamon at tugon ng ASEAN sa pagtamo ng likas- kayang pag- unlad (Sustainable Development).<br><br>
Sa layuning pampagkatuto sa Araling ito, tutukuyin ang mga hamon na kinaharap ng ASEAN ukol sa likas- kayang pag- unlad. Iisa- isahin ang mga hakbang na ginawa ng ASEAN bilang pagtugon sa likas- kayang pag- unlad. Matapos ito ay ilalahad ang pagpapahalaga sa pagsisikap ng ASEAN na tugunan ang likas- kayang pag- unlad sa pamamagitan ng Sustainable Development Goals ng United Nations. Bilang panghuli, makagagawa ng “poster slogan” tungkol sa pangangalaga at pagsusulong ng likas kayang pag-unlad ng mga likas na yaman ng bansa.<br><br>
2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br><br>
Gawain 3: Halo- Letra<br>
Panuto: Tuklasin ang salitang mabubuo sa nakagulong mga titik. Gawin sa loob ng 2 minuto.
<table><tr><td>I</td><td>K</td><td>L</td><td>S</td><td>A</td><td></td><td>G</td><td>A</td><td>K</td><td>A</td><td>Y</td><td>N</td><td></td><td>G</td><td>A</td><td>U</td><td>L</td><td>A</td><td>N</td><td>P</td><td>D</td></tr></table>
Pamprosesong Tanong:</td>
<td>Tatawag ang guro ng mag-aaral na magbabasa ng Kasanayan (Learning Competency) at ng mga Layuning Pampagkatuto.<br><br>Ang mga salitang ito ay tinatawag din sa English na Sustainable Development.</td>
</tr>
</table>



| | | |
|---|---|---|
| | 1. Ano ang nabuong mga salita?<br>2. Ano ba ang Likas- Kayang Paggamit? Ano ang Likas- Kayang Pag- unlad?<br>3. Anu- ano mga hakbang na ginagawa ng ASEAN para makatugon sa Likas- Kayang Pag- unlad? | |
| **3. Paglinang at Pagpapalalim** | **Aralin 3: Ang ASEAN at Hamon ng Likas- Kayang Pag- unlad sa Pilipinas at Timog Silangang Asya**<br><br>**Kaugnay na Paksa: Ang 17 Sustainable Goals ng United Nations (batay sa framework ng ASEAN)**<br><br>Patuloy ang naging pagsisikap ng ASEAN na maitaguyod kagalingang panlipunan, pang- ekonomiya, pampulitika at pangkultura sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga hakbang bilang pagtugon sa likas- kayang pag- unlad.<br><br>Ang 2030 Agenda para sa Likas- Kayang Pag- unlad, na pinagtibay ng lahat ng mga kasapi ng Nagkakaisang mga Bansa noong 2015, ay nagbigay ng isang malinaw na tunguhin sa kapayapaan at kasaganaan para sa mga tao at sa daigdig, ngayon at sa hinaharap. Pangunahin sa tunguhing ito ang ***17 Sustainable Development Goals*** (SDGs), na isang kagyat na panawagan para sa pagkilos ng lahat ng bansang maunlad at umuunlad - sa isang pandaigdigang pakikipagsosyo. Kinikilala nila na ang pagwawakas sa kahirapan at iba pang mga kakulangan ay dapat makipag-ugnayan sa mga estratehiya na nagpapabuti sa kalusugan at edukasyon, nagpapababa ng antas ng hindi pagkakapantay-pantay, at nagpapalakas ng paglago ng ekonomiya – ang lahat ng ito, habang hinaharap ang pagbabago ng klima at pagsisikap na pangalagaan ang ating mga karagatan at kagubatan.<br><br>Mahalagang pangalagaan natin ang mga yamang- lupa ng bansa. Ang mga lupaing agrikultural, industriyal, residensyal at komersyal ay mga halimbawa nito. Napakahalaga rin ng kagubatan sa bansa, pinananatili nito ang balanseng ekolohikal sa ating kapaligiran, bukod sa pinagmumulan ito ng mga produktong kahoy, pinananahanan rin ito ng iba't ibang uri ng hayop. Bagamat Malaki ang pakinabang nito. Nahaharap pa rin ito sa malaking suliranin ng pagkaubos ng mga puno kung kaya't patuloy ang kampanya sa *deforestation.* Itinuturing ang Pilipinas | Talakayin ang Trade barriers, taripa at quota restrictions. Maaaring talakayain ng guro ang ***Comparative at Absolute Advantage*** upang ipakita ang pakinabang ng pag- aangkat kaysa sa pagproduce ng produkto na mas malaki ang gastusin kaysa sa posibleng kitain. |







| | | |
|---|---|---|
| | bilang kabilang sa mga bansang nasa Coral Triangle na nagtataglay ng mayaman at masaganang coral reef at mangrove bilang tahanan ng mga species at buhay na organismo sa dagat. Malaking suliranin ang pagkasira ng mga Coral Reef at polusyon sa tubig dahil naman sa pagtatapon ng mga basura at industrial waste.<br><br>Ang SDG ay isinagawang mabuti sa loob ng dekada dekadang paggawa ng mga bansa at ng UN, kabilang ang ***UN Department of Economic and Social Affairs.***<br><br>Isa sa mga hamon sa bansa kung paanong matutugunan ang walang hanggang pangangailangan ng tao gayong ang ating pinagkukunang yaman ay may limitasyon. Mahalaga ang wastong paraan ng pangangasiwa sa mga likas na yaman. Bunga ng lumalalang krisis sa kalikasan at pinagkukunang- yaman, mahalagang masuri ang ugnayan ng kalikasan at ekonomiya sapagkat kasabay ng patuloy na pag-unlad ng bansa ay ang pagkasira ng mga pinagkukunang yaman. Ang pagsisikap na mapaunlad ang ekonomiya ng bansa upang tugunan ang pangangailangan ng tao ay nagdudulot din ng pagkasira ng mga likas na yaman o mas malubhang epekto pa nito ay ang pagkaubos ng mga pinagkukunang- yaman ng bansa.<br><br>Kung ihahambing ang Pilipinas sa ibang mga bansa, masasabing higit itong pinagpala dahil mayaman ang bansa sa mga likas na yaman at magagaling ang mga Pilipino na bahagi ng yamang tao o lakas paggawa. Sa kabila nito, sinasabing napag-iwanan na tayo ng ibang mga bansa sa Timog-Silangang Asya.<br><br>***United Nations Conference on the Human Environment***<br>Ang 1972 United Nations Conference on the Human Environment na ginanap sa Stockholm, Sweden, ang unang pandaigdigang kumperensya kung saan pinag-usapan ang kalagayang pangkapaligiran bilang pangunahing isyu. Ang mga kalahok na bansa ay bumuo ng mga alituntunin para sa maayos na pamamahala ng kapaligiran kabilang ang *Stockholm Declaration and Action Plan for the Human Environment* at ilan pang mga resolusyon.<br><br>Ang Stockholm Declaration, na naglalaman ng 26 prinsipyo, ay nagtalaga sa suliraning pangkapaligiran bilang pangunahing isyung internasyonal. Dahil dito, itinakda ang pagsisimula ng isang diyalogo sa pagitan ng mauunlad at umuunlad na mga bansa na ang usapin ay tungkol sa paglago ng ekonomiya, polusyon ng | |

| | | |
|---|---|---|
| | hangin, tubig, at karagatan at ang kagalingan ng mga tao sa buong mundo.<br><br>Ang Action Plan ay naglalaman ng tatlong pangunahing kategorya: (1) Global Environmental Assessment Programme; (2) Mga gawain sa pamamahala ng kapaligiran; (3) Mga internasyonal na hakbang upang suportahan ang mga aktibidad sa pagtatasa at pamamahala na isinasagawa sa pambansa at internasyonal na lebel. Bilang karagdagan, ang mga kategoryang ito ay ibinaha-bahagi sa 109 rekomendasyon. Isa sa mga pangunahing resulta ng kumperensya ng Stockholm ay ang paglikha ng *United Nations Environment Programme* (UNEP).<br><br>Ang ***World Commission on Environment Development (WCED)*** ay binuo ng United Nations upang bigyan ng kaukulang solusyon ang suliranin sa kalikasan at kaunlaran sa pamamagitan ng likas- kayang pag- unlad o sustainable development kung saan tutugunan ang pangangailangan at mithiin ng mga tao sa pagsisikap na makalikha ng mga produkto at serbisyo tungo sa pag- unlad ng bansa na patuloy na isinasaalang- alang na may matitira pa ring likas na yaman para sa pagtugon sa pangangailangan ng susunod na henerasyon.<br><br>Pinaigting ng ASEAN ang kanilang pagtataguyod sa likas- kayang pag- unlad sa pamamagitan ng mga patakaran kaugnay sa globalisasyon tulad ng ***liberalisasyon*** kung saan naging malaya ang isang bansa na tumupad ng mga pang- ekonomiyang gawain sa loob at labas ng bansa at tumanggap ng dayuhang pamumuhunan. Naisasagawa ito sa pamamagitan ng pagbuwag sa mga limitasyong itinakda ng isang pamahalaan kaugnay sa kalakalang panlabas. Halimbawa nito ang pag- aalis ng taripa o buwis na ipinapataw sa mga inaangkat na produkto at ang quota restrictions na naglilimita sa dami o halaga ng inaangkat o iniluluwas na produkto at paglilingkod. Higit na naging malaya ang mga pribadong negosyante sa pangangasiwa ng kanilang operasyon kung mababawasan ang control ng pamahalaan dito. Ito ang kainaman ng konsepto ng Laizzes Faire na nagpapahayag na kayang pangasiwaan ng pamilihan ang kanilang sistema na walang panghihimasok ng pamahalaan sa pamamaraan ng ***deregulasyon***. Isa pag hakbang sa desentralisadong kontrol ng pamahalaan sa ekonomiya ang ***pagsasapribado o privatization*** ng mga korporasyong pagmamay- ari ng pamahalaan kapag malaking kapital ang kinakailngan upang pangasiwaan ito sa halip na ikalugi ng pamahalaan ang pagpapatakbo nito. | |

**Pagproseso ng Pag-unawa**

**Gawain 4: Lambat: Pagsasaka; Kalaykay: Pangingisda**

Tukuyin kung ang sumusunod na hamon ay sa sektor ng pangingisda o sektor ng pagsasaka. Bilugan ang  kung sektor ng pangingisda at  kung sektor ng pagsasaka. Isasagawa ito sa loob ng 10 minuto.

| Lambat | Kalaykay | Bilang | Hamong Pangkapaligiran |
|---|---|---|---|
|  |  | 1 | Irigasyon at patubig |
|  |  | 2 | El Nino Phenomenon |
|  |  | 3 | Redtide at pagkasira ng bahura |
|  |  | 4 | Underwater sonar at radar |
|  |  | 5 | Konbersyon sa subdibisyon ng mga lupain. |

**Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 5:**

Panuto: May ididikit na mga larawan ang guro sa 4 na sides ng pader sa classroom. Ang mag- aaral ay pipili mula sa mga larawan na alam niya ang isinasaad at kaya niyang maipaliwanag ito sa sarili niyang kaalaman.

Mga larawang ididikit sa pader palibot sa classroom.



Land Conversion



Bahura



Sagot sa Gawain: Lambat: Pagsasaka; Kalaykay: Pangingisda

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

https://www.ianfulgar.com/real-estate/philippine-land-use-conversion-from-agriculture-to-real-estate/

Travel Channel. (n.d.). Cuba's Coral Reef: The Best We've Never Seen. *Don Wildman*. https://www.travelchannel.com/interests/outdoors-and adventure/articles/cubas-coral-reef

Deforestation



https://www.facebook.com/EyePinas/posts/pangulong-duterte-isinisisi-sa-poor-communities-ang-deforestation-isinisisi-ni-p/436148867795772/

Drought/ El Nino




https://www.linkedin.com/posts/patricia-olby-kimondo-7933a03_why-climate-change-matters-for-women-activity-7063486401832529920-mapd?trk=public_profile_like_view

**Pamprosesong Tanong:**

1. Anu- ano ang mga hamong kinakaharap ng mga bansang kasapi ng ASEAN na maiuugnay natin sa likas- kayang pag- unlad?
2. Sa Pilipinas, paano natin nilulunasan ang mga suliraning ito?

**Gawain 6: Radial Cycle Chart.**
Panuto: Itala sa bilog ng Radial Cycle ang 3 pangunahing kategorya ng Stockholm Declaration and Action Plan for the Human Environment at itala naman sa mga sangay ng Radial Cycle ang mga patakaran ng Globalisasyon.




**Paglalapat at Pag-uugnay**
Matapos nating talakayin ang mga Hamon ng Likas Kayang Pag-unlad sa Pilipinas at Timog Silangang Asya sa ASEAN at ang 17 Sustainable Goals ng United Nations batay sa framework ng ASEAN, subukan nating gumawa ng AVP ayon sa sinasaad ng gawain.

**Paglalapat:**

**Gawain 7: Poster Slogan**

Panuto: Gumawa ng ***"poster slogan"*** tungkol sa pangangalaga at pagsusulong ng likas kayang pag-unlad ng mga likas na yaman ng bansa. Kumuha ng 5 mga topic, icons at data mula sa 17 SDGs na nasa larawan.




https://www.vecteezy.com/free-vector/sustainable-development-goals-logo

| Pamantayan sa Pagmamarka ng Poster Slogan | | | |
|---|---|---|---|
| **Indikator** | **Deskripsyon** | **Puntos** | **Nakuhang Marka** |

Maaaring pumili ng iba ang graphic organizer sa SmartArt.

Maaaring gumawa ang guro ng google drive link kung saan ipapasa ng mag- aaral ang kanilang gawain na AVP.

Ipakita sa poster slogan kung paano kang makatutulongsa pangangalaga at pagsusulong ng likas- kayang pag- unlad ng mga likas na yaman ng bansa.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Kumuha ng paksa o data mula sa nilalaman ng 17 SDGs ng UN para sa ASEAN Poster Slogan na ginawa | 10 | |
| Disenyo | Gumamit ng angkop na kulay at titik sa pagsulat. Ang mga icons na ginamit sa poster slogan ay nagmula sa 17 SDGs ng UN batay sa panuto. | 5 | |
| Paliwanag | Sapat ang pagkakapaliwanag ng nilalaman ng poster slogan at nailahad nang mabuti ang pagsisikap ng ASEAN na magkaroon ng likas- kayang pag-unlad. | 10 | |
| | Kabuuang Puntos at Marka | 25 | |

**2. Paglalahat**

1. **Pabaong Pagkatuto**

Panuto: Unawaing mabuti at isapuso upang maisakatuparan ang sumusunod na puntos na dapat nating tandaan.


**TANDAAN:**

- Bumuo ang United Nations ng 17 Sustainable Development Goals upang nakaagapay ang mga bansa sa likas- kayang pag- unlad. Ito rin ang isinasakatuparan ng mga bansang kasapi sa ASEAN.

- Ang United Nations Conference on the Human Environment at World Commission on Environment Development (WCED) ay mga programang katuwang sa pagsasakatuparan ng Sustainable Development Goals.

- Ang pamahalaan ay may katungkulang magsulang ng mga programang mangangalaga sa ating kapaligiran na siyang pinagkukunang- yaman ng bansa upang matiyak na matutugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.

- Nagpapatupad ang pamahalaan ng mahigpit na mga patakaran at

| | | |
|---|---|---|
| | panuntunan upang mapangalaan at mappanatili ang ating mga pinagkukunang- yaman. Ipinatutupad ang Liberalisasyon, Deregularisasyon, Pagsasapribado.<br><br>● Tungkulin nating mga mamamayan na maging aktibo sa pakikilahok sa mga programa at proyekto upang makatulong sa pagsusulong ng likas- kayang pag- unlad.<br><br>● Maging mulat ang mamamayan sa mga usapin at gawaing nagsusulong ng likas- kayang paggamit upang mapanatili ang pinagkukunang- yaman na siyang tumutugon sa ating walang hanggang pangangailangan.<br><br>● Mawawalan ng saysay ang pagsusumikap ng pamahalaan bilang kasapi ng ASEAN na makaagapay sa pagsulong at pag- unlad kung hindi makikipagkaisa ang mga mamamayan sa likas- kayang paggamit ng mga pinagkukunang- yaman.<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gawain 8: Panunumpa**<br>Panuto: Sa mga daliri ng iyong kanang kamay, bilang panunumpa sa pakikiisa sa programa ng ASEAN, itala ang 5 pangunahing hakbangin na isasagawa mo upang makatulong ka sa pagsusulong ng Likas- Kayang Paggamit ng mga Pinagkukunang -Yaman ng bansa<br><br><br>https://thenounproject.com/icon/oath-2079728/ | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit: Piliin ang titik ng tamang sagot.** | |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Patuloy ang naging pagsisikap ng ASEAN na maitaguyod kagalingang panlipunan, pang- ekonomiya, pampolitika at pangkultura sa pamamagitan ng magsasagawa ng mga hakbang bilang pagtugon sa likas- kayang pag- unlad. Anong aspeto ang tinutugunan ang edukasyon at kalusugan ng mamamayan?<br>a. pangkultura c. pang- ekonomiya<br>b. pampolitika d. panlipunan<br><br>2. Ang 2030 Agenda para sa Likas- Kayang Pag- unlad, na pinagtibay ng lahat ng mga kasapi ng Nagkakaisang mga Bansa noong 2015 para sa mga tao at sa daigdig, ngayon at sa hinaharap. Ano ang naging bunga nito?<br>a. Ito ay nagbigay ng isang malinaw na tunguhin sa kapayapaan at kasaganaan.<br>b. maraming tao ang nakasaksi nito<br>c. ipinagdiriwang ang UN tuwing ika- 24 ng Oktubre taun- taon<br>d. Dumami ang mga produkto at serbisyo.<br><br>3. Pangunahin sa tunguhin ng ASEAN ang pagsusulong ng ***Sustainable Development Goals*** (SDGs), na isang kagyat na panawagan para sa pagkilos ng lahat ng bansang maunlad at umuunlad - sa isang pandaigdigang pakikipagsosyo. Ilan ang SDGs?<br>a. 20 c. 16<br>b. 17 d. 13<br><br>4. Kinilala ng ASEAN na ang pagwawakas sa kahirapan at iba pang mga kakulangan ay dapat makipag-ugnayan sa mga estratehiya na tutugon sa mga pangangailangan ng tao. Alin sa mga ito ang HINDI kabilang sa mga estratehiya?<br>a. nagpapabuti sa kalusugan at edukasyon<br>b. dumami ang nanirahan sa mga lugar na urban.<br>c. nagpapababa ng antas ng hindi pagkakapantay- pantay<br>d. nagpapalakas ng paglago ng ekonomiya | |

| | | |
|---|---|---|
| | 5. Mahalagang pangalagaan natin ang mga yamang- lupa ng bansa sapagkat ito ang isa sa pangunahing pinagmumulan ng pangangailangan ng tao. Alin sa sumusunod ang HINDI halimbawa ng klasipikasyon ng lupa?<br>a. lupaing agrikultural c. lupaing industriyal<br>b. lupaing residensyal d. lupaing hinirang<br><br>6. Ang Stockholm Declaration and Action Plan ay naglalaman ng tatlong pangunahing kategorya: Global Environmental Assessment Programme, Mga gawain sa pamamahala ng kapaligiran, mga internasyonal na hakbang upang suportahan ang mga aktibidad sa pagtatasa at pamamahala na isinasagawa sa pambansa at internasyonal na lebel. Kung ang susuriin ay ang pandaigdigang pagtataya ng mga programang pangkapaligiran, alin ang nakasasakop dito?<br>a. Global Environment Assessment Programme<br>b. National Environment and Development Authority<br>c. Disaster and Risk- Management Center<br>d. Youth Environment in School Organization<br><br>7. Alin sa sumusunod ang isa sa mga pangunahing resulta ng kumperensya ng Stockholm?<br>a. National Economic Development Center<br>b. Asia- Pacific Economic Cooperation<br>c. United Nations Environment Programme<br>d. Combatting Climate Change Center<br><br>8. Bakit binuo ng UN ang World Commission on Environment Development (WCED)?<br>a. upang solusyunan ang suliranin sa kalikasan at kaunlaran<br>b. upang mapalawak ang kapaligiran<br>c. upang magkaroon ng komisyon sa proyektong pangkalikasan<br>d. upang mapaunlad ang daigdig<br><br>9. Kapag sinisikap ng mga mamamayan na makalikha ng mga produkto at serbisyo tungo sa pag- unlad ng bansa subalit patuloy na isinasaalang- alang | |

na may matitira pa ring likas na yaman para sa pagtugon sa pangangailangan ng susunod na henerasyon, Ito ay tumutukoy sa;


a. Pangangailangan
b. Panustos
c. Likas- kayang Paggamit at Pag- unlad
d. Pagsasaalang- alang

10. Pinaigting ng ASEAN ang kanilang pagtataguyod sa likas- kayang pag- unlad sa pamamagitan ng mga patakaran kaugnay sa globalisasyon. Kung naging malaya ang pagpasok ng mga produkto at serbisyo ng isang bansa patungo sa ibang bansa, anong patakaran ang tinutukoy dito?

a. pagsasapribado c. deregulasyon
b. liberalisasyon d. demonstrasyon

**1. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyunal)**
**Gawain: MAPA-pareact ka!**

Panuto: Pag- aralan ang isinasaad ng mapa tungkol sa Kalagayan ng Suliranin sa Climate Change sa mga bansang kasapi ng ASEAN. Gumawa ng Reflection Notes tungkol dito. Ibahagi ang iyong kaalaman, reaksyon, pakiramdam, at plano matapos mo itong maunawaan.




https://theaseanpost.com/article/global-strike-climate-change

| B. Pagbuo ng Anotasyon | Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin | |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |